

1. Ano ang pangunahing layunin ni Pangulong Magsaysay sa pagsugpo sa Hukbalaahap?

- A. Palakasin ang turismo
- B. Makamit ang kapayapaan at kaayusan sa bansa
- C. Palawakin ang kalakalan sa Europa
- D. Dagdagan ang buwis ng mamamayan

2. Aling komite ang nilikha upang direktang dinggin ang hinaing ng mamamayan?

- A. PACSA
- B. PCAC
- C. RFC
- D. EEA

3. Ano ang EDCOR sa panahon ni Magsaysay?

- A. Programa para sa modernisasyon ng edukasyon
- B. Programa ng pabahay sa lungsod
- C. Programang nagbibigay ng lupa at kabuhayan sa mga sumukong rebelde
- D. Programang pangkalusugan ng mga bata

4. Aling ahensya ang namahala sa pamamahagi ng lupa sa mga walang sariling sakahan?

- A. ACCFA
- B. FACOMA
- C. NARRA
- D. NAMARCO

5. Ano ang pangunahing tungkulin ng ACCFA?

- A. Magtayo ng paaralan sa baryo
- B. Magbigay ng pautang at tulong pinansyal sa mga magsasaka
- C. Magbenta ng produktong industriyal
- D. Magpatupad ng reporma sa edukasyon

6. Ano ang FACOMA?

- A. Samahan ng mga guro
- B. Samahan ng mga sundalo
- C. Kooperatiba ng mga magsasaka para sa marketing at suporta
- D. Samahan ng mga mangangalakal sa lungsod

7. Bakit tinawag si Magsaysay na “Kampeon ng Masa”?

- A. Dahil sa pagpapalakas niya ng industriya
- B. Dahil sa pagiging bukas niya sa hinaing ng mamamayan at paglilingkod sa kanayunan
- C. Dahil sa pakikipagkasundo niya sa mga dayuhan
- D. Dahil sa pagpapatayo niya ng malalaking gusali

8. Aling kasunduang pangkalakalan ang binago sa panahon ni Magsaysay?

- A. Bell Trade Act
- B. Laurel-Langley Agreement
- C. Quirino-Foster Agreement
- D. Parity Rights

9. Ano ang layunin ng pagsali ng Pilipinas sa SEATO?

- A. Palakasin ang turismo sa Asya
- B. Palaganapin ang wikang Pilipino
- C. Labanan ang banta ng komunismo sa rehiyon
- D. Palitan ang sistema ng pamahalaan

10. Alin sa mga sumusunod ang serbisyong panlipunang binigyang-pansin ni Magsaysay sa kanayunan?

- A. Pagtatayo ng pabrika
- B. Pagpapagawa ng poso artesiano at kalsada
- C. Pagbubukas ng bangko sa lungsod
- D. Pagpapatayo ng base militar